

ANG PINANINIWALAAN NG IGLESIA “FOURSQUARE”



ANG EBANGHELYONG “FOURSQUARE”

1. **Ang Banal Na Kasulatan** 2 Timoteo 3:16,17
Kami ay naniniwala na ang Biblia ay kinaihan ng Diyos.
2. **Ang Walang Hanggang Diyos** 1 Juan 5:7
Kami ay naniniwala na ang Diyos ay tatluhan: Ang Ama, ang Anak, at ang Banal na Espiritu.
3. **Ang Pagkahulog Ng Tao** Roma 5:12
Kami ay naniniwala na ang tao ay ginawang kawangis ng Diyos, subali't dahil sa kusang pagsuway ay nasira ang kaniyang kawalan nang kapintasan.
4. **Ang Plano Ng Pagtubos** Juan 3:16
Kami ay naniniwala na samantalang tayo'y makasalan pa, si Kristo ay namatay para sa atin, nilagdaan niya ang kapatawaran ng lahat nang sa kaniya ay sumasampalataya.



5. **Kaligtasan Sa Pamamagitan Ng Biyaya** Efeso 2:8
Kami ay naniniwala na wala tayong pansariling katuwiran at kailangan tayong lumapit sa Diyos at hilingin ang katuwiran ni Kristo.
6. **Pagsisisi At Pagtanggap** 1 Juan 1:9
Kami ay naniniwala na sa taimtim na pagsisisi, at sa buong pusong pagtanggap kay Kristo, tayo at pinagiging dapat sa harap ng Diyos.
7. **Ang Bagong Pagsilang** Juan 3:3
Kami ay naniniwala na ang pagbabagong nangyayari sa puso at buhay sa pagbabalik loob sa Diyos ay tunay.
8. **Pang-araw-araw Na Buhay Kristiyano** Hebreo 6:1
Kami ay naniniwala na kalooban ng Diyos na tayo ay maging sakdal at patuloy na lumago sa pananampalataya.
9. **Ang Bautismo At Huling Hapunan Ng Panginoon**
Mateo 28:19, 1 Corinto 11:28
Kami ay naniniwala na ang bautismo sa pamamagitan ng paglubog sa tubig ay panlabas na tanda ng panloob na gawain. Kami ay naniniwala sa pag-alaala ng huling hapunan ng Panginoon sa pamamagitan ng paggamit ng tinapay at katas ng ubas.
10. **Ang Bautismo Ng Banal Na Espiritu** Mga Gawa 2:4
Kami ay naniniwala na ang Bautismo ng Espiritu ay upang puspusin ang mananampalataya ng kapangyarihan ng Biblia.
11. **Ang Buhay Na Puspos Ng Espiritu** Galacia 5:16,25
Kami ay naniniwala na kalooban ng Diyos na tayo ay lumakad sa Espiritu sa araw-araw.
12. **Ang Kaloob At Bunga Ng Espiritu** 1 Corinto 12:1-11, Galacia 5:22

Kami ay naniniwala na ang Banal na Espiritu ay may kaloob sa Kristiano; at nararapat na sa atin ay umuusbong ang bungang spiritual na katunayan ng buhay na puspos ng Espiritu.

13. Kahinhinan Filipos 4:5

Kami ay naniniwala na ang karanasan at ang araw-araw na paglakad ng mananampalataya ay hindi nararapat humantong sa kalabisan at pagiging panatiko.

14. Banal Na Pagpapagaling Santiago 5:14-16

Kami ay naniniwala na ang banal na pagpapagaling ay ang kapangyarihan ni Kristo upang pagalingin ang maysakit bilang tugon sa panalangin ng may pananampalataya.

15. Ang Muling Pagdating Ni Kristo 1 Tesalonica 4:16,17

Kami ay naniniwala na ang muling pagdating ni Kristo ay personal at sa anumang araw at oras.

16. Ang Kaugnayan Sa Iglesia Mga Gawa 16:5

Kami ay naniniwala na ating banal na tungkulin na ating iugnay ang ating sarili sa nakikitang iglesia ni Kristo.

17. Pamahalaang Sibil Roma 13:1-5

Kami ay naniniwala na ang mga nanunungkulan sa pamahalaan ay nararapat na itaguyod sa lahat ng panahon, maliban na lamang sa mga bagay na labag sa kalooban ng Diyos.

18. Ang Huling Paghatol 2 Corinto 5:10

Kami ay naniniwala na ang lahat ay tatayo balang araw sa luklukan ng paghatol ng Diyos, at doon ay tumanggap ng paghatol na buhay na walang hanggan o kamatayan.

19. Langit 1 Corinto 2:9

Kami ay naniniwala na ang langit ay ang maluwalhating tahanan ng mga ipinanganak na muling mananampalatya.

20. Impiyerno Apocalipsis 20:10,15

Kami ay naniniwala na ang impiyerno ay pook nang walang hanggang parusa ng lahat nang tumanggi kay Kristo na kanilang sariling Tagapagligtas.

21. Ebanghelismo Santiago 5:20

Kami ay naniniwala na ang pag-akit ng kaluluwa kay Kristo ay gawain ng iglesia dito sa lupa.

22. Ikapu At Kaloob Malakias 3:10, 2 Corinto 9:7

Kami ay naniniwala sa pagbigay ng ikapu o sampung porsyento ng isang kita ay pinagpapala at kinalulugoo ng Diyos gayun din sa pagbigay ng kaloob.

Ang tag-uring “Foursquare” ay tumitindig sa apatang ministeryo ni Hesukristo na Tagapagligtas (Roma 10:9), Tagabautismo ng Banal na Espiritu (Lucas 3:16), Tagapagpagaling (1 Pedro 2:24) at Darating na Hari (Mga Gawa 1:11).